


# Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino Unang Markahan –Modyul 12: Sanaysay



**Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino**  
**Alternative Delivery Mode**  
**Unang Markahan – Modyul 12: Sanaysay**  
**Unang Edisyon, 2021**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Rachelle C. Acobera  
**Editor:** Jonathan F. Bernabe  
**Tagasuri:** Perlita E. Dela Cruz, Elisa N. Lajera, Neneth P. Erni,  
Ma. Theresa Austria, Leonila L. Custodio  
**Tagaguhit:** Romdel F. Partoza  
**Tagalapat:** Julie Anne V. Vertudes  
**Tagapamahala:** Francis Cesar B. Bringas  
Job S. Zape, Jr.  
Ramonito O. Elumbaring  
Reicon C. Condes  
Elaine T. Balaogan  
Fe M. Ong-ongowan  
Rommel C. Bautista  
Galileo L. Go, Randy D. Punzalan  
Elpidia B. Bergado  
Noel S. Ortega  
Maribeth C. Rieta  
Leonila L. Custodio  
Julie Anne V. Vertudes

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – Region 4A CALABARZON**

Office Address: Gate 2 Karangalan Village, Brgy. San Isidro, Cainta, Rizal  
Telefax: 02-8682-5773/8684-4914/8647-7487  
E-mail Address: lrmd.calabarzon@deped.gov.ph

Senior High School

**Komunikasyon  
at Pananaliksik sa Wika  
at Kulturang Pilipino  
Unang Markahan –Modyul 12:  
Sanaysay**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## **Alamin**

Ang modyul na ito ay ginawa at sinulat para sa iyo bilang isang mag-aaral. Ito ay makatutulong upang matutuhan ang tungkol sa *Sanaysay*. Ang sakop ng modyul ay magagamit sa ano mang kalagayan ng mag-aaral. Ang mga salitang ginamit dito ay angkop sa lebel ng pag-unawa ng mag-aaral na naaayon sa pamantayan nito.

Naglalaman ang modyul na ito ng paksang tumatalakay sa;

- Uri ng Sanaysay
- Bahagi ng Sanaysay
- Elemento ng Sanaysay

### **Kasanayang Pampagkatuto:**

- Nakasusulat ng sanaysay na tumatalunton sa isang partikular na yugto ng kasaysayan ng wikang pambansa (**MELC**)

### **Layunin:**

- Nauunawaan ang kahulugan ang dalawang uri ng sanaysay
- Naipagmamalaki ang pagtatagumpay na naganap sa kasaysayan ng wikang pambansa
- Nakabubuo ng isang sanaysay tungkol sa isang yugto ng kasaysayan ng wikang pambansa



## **Subukin**

Panuto: Piliin ang titik ng wastong sagot sa mga sumusunod na katanungan. Isulat ito sa iyong sagutang papel.

1. Isang akdang pampanitikan na nagpapahayag ng kuro-kuro ng may akda hinggil sa isang bagay.
  - a. maikling kuwento
  - b. sanaysay
  - c. nobela
  - d. tula
2. Ang paksa ay hindi karaniwan at nangangailangan ng matiyagang pag-aaral at pananaliksik.
  - a. nilalaman
  - b. impormal
  - c. banghay
  - d. pormal
3. Ito'y karaniwang himig nakikipag-usap lamang at hindi nangangailangan nang masusing pag-aaral upang makasulat nito.
  - a. impormal
  - b. nilalaman
  - c. banghay
  - d. pormal
4. Alin sa mga sumusunod ang hindi kabilang sa katangian ng isang pormal na sanaysay.
  - a. gumagamit ng payak na salita lamang
  - b. maayos at mabisang pagkakalahad
  - c. mahusay at malinaw na pagbuo
  - d. lubos na kaalaman sa paksa
5. Alin sa mga sumusunod ang katangian ng impormal na sanaysay.
  - a. palakaibigan
  - b. maanyo
  - c. maligoy
  - d. seryoso
6. Bahagi ng sanaysay na makikita ang pagtalakay sa mahahalagang ideya o punto ukol sa tema at nilalaman ng sanaysay.
  - a. simula
  - b. wakas
  - c. gitna
  - d. tema
7. Tinuturing na pinakamahalagang bahagi ng sanaysay, sapagkat ito ang unang titingnan ng mambabasa at dapat nakapupukaw ng atensyon.
  - a. simula
  - b. gitna
  - c. tema
  - d. wakas

8. Bahagi ng sanaysay na maaaring magsulat ng konklusyon, buod o mensaheng habilin ng manunulat sa mambabasa.
- |          |           |
|----------|-----------|
| a. gitna | c. wakas  |
| b. tema  | d. simula |
9. Elemento ng sanaysay na karaniwang sumasagot sa tanong na “tungkol saan ang akda?”
- |                   |                     |
|-------------------|---------------------|
| a. wika at istilo | c. kaisipan         |
| b. tema/paksa     | d. larawan ng buhay |
10. Nakapaloob sa bahaging ito ang nais iparating ng manunulat sa mambabasa.
- |                   |               |
|-------------------|---------------|
| a. damdamin       | c. kaisipan   |
| b. wika at istilo | d. tema/paksa |
11. Elemento ng sanaysay na naglalahad na mas mabuting gumamit ng simple, natural at matapat na pahayag.
- |                   |                       |
|-------------------|-----------------------|
| a. wika at istilo | c. damdamin           |
| b. kaisipan       | d. anyo at istruktura |
12. Ang maayos na pagkakasunod-sunod ng ideya o pangyayari ay makatutulong sa mambabasa sa pag-unawa ng isang sanaysay. Anong elemento ito ng sanaysay?
- |               |                       |
|---------------|-----------------------|
| a. paksa/tema | c. anyo at istruktura |
| b. kaisipan   | d. damdamin           |
13. Nailalarawan ang buhay sa isang makatotohanang salaysay, masining na paglalahad na gumagamit ng sariling himig ang may akda. Anong elemento ito ng sanaysay?
- |                     |               |
|---------------------|---------------|
| a. larawan ng buhay | c. damdamin   |
| b. kaisipan         | d. paksa/tema |
14. Ang mga sumusunod ay katangian ng isang mahusay na mananaysay maliban sa \_\_\_\_\_
- |                             |                    |
|-----------------------------|--------------------|
| a. mabilis mag-isip         | c. may pinapanigan |
| b. sensitibo sa kapaligiran | d. malikhain       |
15. Alin ang hindi kapangkat ng mga salita na nasa pagpipilian sa ibaba?
- |             |                |
|-------------|----------------|
| a. kaisipan | c. paksat/tema |
| b. impormal | d. damdamin    |

## Aralin

# 1

## Sanaysay

Ang araling ito ay makatutulong sa mga mag-aaral upang malaman ang tungkol sa uri ng sanaysay, sangkap at elemento nito. Bago ipagpatuloy ang pagtalakay sa paksa ay sagutan mo muna ang mga susunod na gawain.



### **Balikan**

Bago natin simulang talakayin ang bagong aralin, muli mong balikan ang nakaraang paksa sa pamamagitan ng pagsagot sa tanong upang mataya ang iyong natutuhan.

Sagutin ang sumusunod na katanungan:

1. Ano ang kahalagahan ng kasaysayan ng wikang pambansa sa ating lipunan?
2. Paano ito nakatutulong sa kamalayan ng isang mamamayang Pilipino?



### **Mga Tala para sa Guro**

Tiyaking malinaw ang pagbibigay ng panuto at nasusunod ito nang maayos. Ipaalala sa mag-aaral na maging matapat sa pagsagot.





## **Tuklasin**

Isaayos ang mga letra upang mabuo ang salitang inilalarawan.

1. Ito’y karaniwang himig nakikipag-usap lamang at hindi nangangailangan ng masusing pag-aaral upang makasulat nito.

**O-R-M-P-A-L-I-M**

--	--	--	--	--	--	--	--

2. Isang akdang nagpapahayag ng kuro-kuro ng may-akda hinggil sa isang bagay.

**Y-N-S-A-Y-S-A-A**

--	--	--	--	--	--	--	--

3. Ang paksa ay hindi karaniwan at nangangailangan ng matiyagang pag-aaral at pananaliksik.

**M-A-L-O-P-R**

--	--	--	--	--	--

4. Tinagurian siyang “Ama ng Wikang Pambansa”.

**U-E-O-N-Q-Z**

--	--	--	--	--	--

5. Ito ang nilalaman ng isang sanaysay at nagpapahayag ng layunin ng may-akda.

**P-K-S-A-A**

--	--	--	--	--



## ***Suriin***

Katulad ng ibang anyo ng panitikan, ang sanaysay ay may uri rin. Ito ay ang pormal at impormal. Ito ay nagpapahayag ng kuro-kuro ng may akda hinggil sa isang bagay. Naghahatid din ito ng mahahalagang kaalaman o impormasyon, kaisipang makaagham, at lohikal na pagkakasunod-sunod ng mga ideya. Maingat na pinipili ang mga salita at maanyo ang pagkakasulat. Maaari itong maging makahulugan, matalinhaga at matayutay. Ang tono ng pormal na sanaysay ay seryoso at dinagbibiro.

Samantalang sa impormal na sanaysay, nagbibigay ito ng kasiyahan sa pamamagitan ng pagtalakay sa mga karaniwan at pang-araw-araw na paksa. Gumagamit din ng mga salitang sinasambit sa araw-araw na pakikipag-usap sa kapwa. Palakaibigan ang tono sapagkat pumapanig sa damdamin at paniniwala ng may akda ang pananaw dito.

### **Bahagi ng Sanaysay**

**Simula** - Karaniwang naglalagay ng pang-akit, atensyon ang nagsusulat ng sanaysay. Dapat makuha ng akda ang atensyon at damdamin ng mambabasa at sa bahaging ito makakapag-isip ang mambabasa kung magpapatuloy pa sa pagpabasa.

**Katawan o Gitna** - Dito naman nakalagay ang malaking bahagi ng nilalaman ng sanaysay. Nakasaad din ang mga mahahalagang impormasyon o ideya ng may akda tungkol sa paksa.

**Wakas** – Ito ang pansarang bahagi ng sanaysay. Dito maaaring magsulat ng konklusyon, buod ng sanaysay o mensaheng habilin ng manunulat sa mambabasa. Maaari ring maglagay ng pahayag na hahamon sa pag-iisip ng babasa ng akda.

### **Elemento ng Sanaysay**

**Tema/Paksa** – Sa bahaging ito ipinapahayag ng may-akda ang layunin ng kanyang pagsulat ng sanaysay.

**Anyo at Istruktura**- Ito ay isang mahalagang sangkap sapagkat nakakaapekto ito sa pagkaunawa ng mambabasa, ang maayos na pagkakasunod-sunod ng ideya o pangyayari ay makakatulong sa mambabasa sa pag-unawa sa sanaysay.

**Wika at Istilo-** Elemento ng sanaysay na higit na nagpapayaman sa kaisipan ng mga mambabasa kung kaya't higit na mas mabuting gumamit ng simple, natural at matapat na mga pahayag.

**Kaisipan** – Mga ideyang nagpapalinaw sa tema. Nailalarawan ang buhay sa isang makatotohanang salaysay. May masining na paglalahad na ginagamitan ng sariling himig ng may-akda.

**Damdamin** – Naipapahayag ng isang magaling na may-akda ang kanyang damdamin nang may kaangkupan at kawastuhan sa paraang may kalawakan at kaganapan.



## ***Pagyamanin***

Panuto: Basahin ang isang halimbawa ng di-pormal na sanaysay tungkol sa sarili. Pagkatapos ay gawin ang mga pagsasanay. Gamitin ang pamantayan sa pagsagot.

### **Sino Ako?**

Ni: Jim Lyoyd

Katulad ng ibang tao, ako ay may sarili rin pamilya. Ang aking ina, ama, kapatid, tiyahin, tiyuhin, pinsan, at mga kaibigan. Silang lahat ay aking nakasama sa loob ng mahabang panahon. Kilala ko ang bawat miyembro ng aking pamilya. Ganoon din naman ang aking mga kaibigan. Alam ko ang mga bagay na hilig nilang gawin at mga lugar na lagi nilang pinupuntahan, pati mga pagkaing madalas nilang kainin. Ganon ko sila kakilala, ngunit sapat na ba iyon upang malaman ko kung sino talaga sila? Gaya ng aking sarili. Lubos ko na bang kilala kung sino talaga ako, bilang ako?

Ako, isang simpleng tao. Minsan nakadarama rin ako ng kalungkutan. Gaya ng iba, mayroon din akong mga pangarap. Mga pangarap na walang katapusan. Maiksi lamang ang buhay at walang sandali ang dapat sayangin. Sa aking pagkakakilala sa aking sarili, ako ay isang tao na hinding- hindi titigil sa isang bagay na aking nasimulan. Sa paaralan, tahanan, sa trabaho, o saan mang lugar ako mapunta ay hinding-hindi ako mag-iiwan



ng isang bagay na aking sinimulan na hindi natatapos. Ako' yong uri ng tao na hindi nauubusan ng tiwala sa sarili at pag-asa sa buhay. Tinitiyak ko rin na may magandang kalalabasan ang isang bagay na pinaglalaanan ko nang mahabang oras sa paggawa.

Pagdating naman sa aming tahanan, sa aking pamilya ay tunay kong maipagmamalaki ang tunay na ako. Maaasahan ako sa mga gawaing bahay na hindi na kinakailangang utusan upang kumilos. Kumilkilos ako ng mag-isa at natatapos kong lahat ang mga gawain.

Ang laging sumasagi sa isip ko, pagdating sa ibang tao, sino nga ba ako? Ako, bilang isang kaibigan, sa tingin ko ay sapat na ang tunay na ako, upang matawag na isang mabuting kaibigan. Masaya sa oras ng tawanan, at malungkot naman sa mga panahong may suliranin ang isa sa aking mga kasama. Kaya kong baguhin ang ilan sa mga bagay na aking nakaugalian upang magustuhan ng iba. Hindi ko nais na maraming makikisama sa akin ngunit balatkayo naman ang aking pinapakita. Ang nais ko'y tanggapin ako sa paraan ng kung sino talaga ako. Hindi na baleng ilan lamang ang aking mga nakakasama, natitiyak ko naman na tunay ang mga ito. Nariyan din ang aking pamilya na alam kong hinding-hindi tatalikod sa akin dahil isa sila sa pinagkukunan ko ng lakas ng loob.

Sabi nila walang ibang nakakakilala sa atin nang lubusan kundi ang ating sarili lamang. Ako kilala ko kung sino si "Ako?" at kung ano ang tunay na "Ako". Ikaw kilala mo ba kung sino si "Ikaw" at kung ano ang tunay na "Ikaw".

<b>Pamantayan sa pagsulat</b>	<b>Puntos</b>
Nilalaman	5
Kahusayan sa paglalahad ng ideya	5
Wastong gamit ng bantas	<u>5</u>
Kabuuan	15

**Gawain bilang 1:** Mula sa binasang akda, anong uri ito ng sanaysay? Ipaliwanag ang iyong kasagutan.

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

**Gawain bilang 2:** Tukuyin ang mga bahagi ng sanaysay mula sa akdang binasa. Isulat ang sagot sa talahanayan na nasa ibaba.

Simula	Gitna	Wakas

**Gawain bilang 3:** Bumuo ng sariling pagwawakas na mula akdang binasa at tukuyin ang mahahalagang kaisipan na nakapaloob dito.

---

---

---

---

---

---

---

---



### ***Isaisip***

Dugtungan ang pahayag mula sa iyong natutuhan sa aralin

Mula sa modyul 12, natutuhan kong ang pinagdaanan ng Wikang Pambansa na

---

---

---

---

---

Mula sa modyul 12, nais ko pang matutuhan ang mga pagbabago naganap sa Wikang Pambansa

---

---


---

---

---

---

---



## ***Isagawa***

Bumuo ng sanaysay tungkol sa paksang nakasaad. Isulat ang inyong sagot sa sagutang papel.

**Paksa:**

**Mga Gabay na Tanong:**

1. Tinatangkilik mo ba ang iyong sariling wika?
2. Kailangan ba nating malaman ang kuwento sa likod ng ating Wikang Pambansa?

**Rubriks sa pagwawasto ng sanaysay**

Pamantayan sa pagsulat	Puntos
Nilalaman	5
Kahusayan sa paglalahad ng ideya	5
Wastong gamit ng bantas	<u>5</u>
Kabuuan	15




## Tayahin

Panuto: Piliin ang titik ng tamang kasagutan sa mga sumusunod na katanungan

- Ito'y karaniwang himig nakikipag-usap lamang at hindi nangangailangan ng masusing pag-aaral upang makasulat nito.
  - impormal
  - nilalaman
  - banghay
  - pormal
- Alin sa mga sumusunod ang hindi kabilang sa katangian ng isang pormal na sanaysay.
  - gumagamit ng payak na salita lamang
  - maayos at mabisang pagkakalahad
  - mahusay at malinaw na pagbuo
  - lubos na kaalaman sa paksa
- Alin sa mga sumusunod ang katangian ng impormal na sanaysay.
  - palakaibigan
  - maanyo
  - maligoy
  - seryoso
- Ang maayos na pagkakasunod-sunod ng ideya o pangyayari ay makatutulong sa mambabasa sa pag-unawa ng isang sanaysay. Anong elemento ito ng sanaysay?
  - paksa/Tema
  - kaisipan
  - anyo at istruktura
  - damdamin
- Isang akdang pampanitikan na nagpapahayag ng kuro-kuro ng may akda hinggil sa isang bagay.
  - kuwento
  - sanaysay
  - nobela
  - tula
- Ang paksa ay hindi karaniwan at nangangailangan ng matiyagang pag-aaral at pananaliksik.
  - nilalaman
  - impormal
  - banghay
  - pormal
- Nailalarawan ang buhay sa isang makatotohanang salaysay, masining ang paglalahad na ginagamitan ng sariling himig ng may-akda. Anong elemento ito ng sanaysay?
  - larawan ng buhay
  - kaisipan
  - damdamin
  - paksa/Tema
- Ang mga sumusunod ay katangian ng isang mahusay mananaysay maliban sa:
  - mabilis mag-isip
  - sensitibo sa kapaligiran
  - may pinapanigan
  - malikhain

9. Nakapaloob sa bahaging ito ang nais iparating ng manunulat sa mambabasa.
- |                   |               |
|-------------------|---------------|
| a. damdamin       | c. kaisipan   |
| b. wika at istilo | d. tema/paksa |
10. Elemento ng sanaysay na naglalahad na mas mabuting gumamit ng simple, natural at matapat na pahayag.
- |                   |                       |
|-------------------|-----------------------|
| a. wika at istilo | c. damdamin           |
| b. kaisipan       | d. anyo at istruktura |
11. Alin ang hindi kapangkat ng mga salita na nasa pagpipilian sa ibaba?
- |               |             |
|---------------|-------------|
| a. impormal   | c. damdamin |
| b. paksa/tema | d. damdamin |
12. Bahagi ng sanaysay na makikita ang pagtalakay sa mahahalagang ideya o punto ukol sa tema at nilalaman nito.
- |           |          |
|-----------|----------|
| a. simula | c. gitna |
| b. wakas  | d. tema  |
13. Tinuturing na pinakamahalagang bahagi ng sanaysay, sapagkat ito ang unang titingnan ng mambabasa at dapat nakapupukaw ng atensyon.
- |           |          |
|-----------|----------|
| a. simula | c. tema  |
| b. gitna  | d. wakas |
14. Bahagi ng sanaysay na maaaring magsulat ng konklusyon, buod o mensaheng habilin ng manunulat sa mambabasa.
- |          |           |
|----------|-----------|
| a. gitna | c. wakas  |
| b. tema  | d. simula |
15. Elemento ng sanaysay na karaniwang sumasagot sa tanong na “tungkol saan ang akda?”
- |                   |                     |
|-------------------|---------------------|
| a. wika at istilo | c. kaisipan         |
| b. tema/paksa     | d. larawan ng buhay |




## ***Karagdagang Gawain***

Sa iyong sagutang papel, magtala ng maaaring maging paksa sa sanaysay na sumalamin sa kalagayang panlipunan.

- 1.
- 2.
- 3.





## Susi sa Pagwawasto

<p><b>Subukin</b></p> <ol style="list-style-type: none"><li>1. B</li><li>2. D</li><li>3. A</li><li>4. A</li><li>5. A</li><li>6. C</li><li>7. A</li><li>8. C</li><li>9. B</li><li>10. C</li><li>11. A</li><li>12. C</li><li>13. A</li><li>14. C</li><li>15. B</li></ol>	<p><b>Tuklasin</b></p> <ol style="list-style-type: none"><li>1. IMPORMAL</li><li>2. SANAYSAY</li><li>3. PORMAL</li><li>4. QUEZON</li><li>5. PAKSA</li></ol>	<p><b>Tayahin</b></p> <ol style="list-style-type: none"><li>1. A</li><li>2. A</li><li>3. A</li><li>4. C</li><li>5. B</li><li>6. B</li><li>7. A</li><li>8. C</li><li>9. C</li><li>10. A</li><li>11. B</li><li>12. C</li><li>13. A</li><li>14. C</li><li>15. B</li></ol>
--	---	--

## **Sanggunian**

- Abadilla, Alejandro G. 1952. *Mga Piling Sanaysay*, Maynila: Inang Wika Publishing Co
- Alcaraz, C., Austria, R. et.al 2016. *Komunikasyon at Pananaliksik para sa Senior High School Cubao*, Quezon City: Educational Resources Corporation
- Alejandro, Rufino.1948 *Sining at Pamamaraan ng Pag-aaral ng Panitikan*. Maynila: Phil. Book Co.,
- Catacataca, P. Espiritu, C. 2005. *Wikang Filipino: Kasaysayan at Pag-unlad*.Manila: Rex Book Store.
- Jocson. Magdalene O. et.al 2005. *Filipino 2- Pagbasa at Pagsulat Tungo sa Pananaliksik*. Quezon City: Lorimar Publishing Co. Inc
- Mallinlin, Gabriel F. et. Al 2002 *Kawil I- Aklat sa Paglinang ng Kasaysayan sa Wika at Literatura*. Manila Rex Book Store.
- Santiago, Erlinda M. et.al 1989.*Panitikang Filipino Kasaysayan at Pag-unlad PangKolehiyo*. Manila: National Book Store

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)